Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS
Seal of Good Local Governance 2023 Awardee

# COMMITTEE ON ETHICS, APPOINTMENTS AND GOVERNMENT REORGANIZATION

## COMMITTE REPORT
CEAGR-PCR-575-2024

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: [illegible]
Date: 7/3/2024
Time: 9:00 am

---

Subject: ***Letter of complaint from Hon. Ma. Eliza Bautista-Queijero Bautista, Punong Barangay of Barangay Habay 2, City of Bacoor, Cavite against Barangay Kagawad Raymundo O. Caber of the same barangay for abuse of authority. (PCR-575-2024) - Date Referred: May 13, 2024.***

---

This report resolves the letter of complaint filed by Punong Barangay of Barangay Habay 2, Ma. Eliza Bautista-Quiejera Bautista against Barangay Kagawad of the same barangay, Raymundo O. Caber.

The said complaint was referred to the Committee on Ethics, Appointments and Government Re-Organization by the Sangguniang Panlungsod Acting Presiding Officer, Hon. Reynaldo C. Palabrica during the 90th Regular Session on May 13, 2024.

The Committee on Ethics, Appointments and Government Reorganization sent out invitations to the resource persons and conducted a committee hearing on May 23, 2024 at the Session Hall of the Sangguniang Panlungsod at 9:40 a.m.

**FINDINGS:**

During the course of the committee hearing, the Committee on Ethics, Appointments and Government Re-Organization, upon hearing both parties, the complainant and respondent who voluntarily narrated his side, has found out that the respondent, Kagawad Raymundo O. Caber of Barangay Habay 2, really showed excessive use of authority and clearly violated City Ordinance No. 2014-007 "An Ordinance prohibiting excessive unnecessary and unusually loud sounds generated by videoke/karaoke systems or other similar equipment or devices within residential and along public streets in Bacoor City."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS
0273

Upon admission of the respondent's guilt, the Honorable Committee was able to make an amicable settlement of the case by compelling the respondent to give a public apology and to submit a notarized written letter asking for forgiveness.

**RECOMMENDATION:**

After a thorough review of all the circumstances and statements from the resource persons, the Committee respectfully recommends that the Sangguniang Panlungsod **DISMISS** the above subject matter.

By the motion of Hon. Reynaldo C. Palabrica duly seconded by all the members of the Sangguniang Panlungsod, the above subject matter was **DISMISSED** and was permanently archived from the agenda during its 91st Regular Session.

**WE HEREBY CERTIFY** that the contents of the foregoing report are true and correct.

Signed this 23rd day of May 2024 at the City of Bacoor, Cavite.

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA**
*Chairman*

**COUN. ALEJANDRO F. GUTIERREZ**
*Vice Chairman*

**COUN. ALDE PAGULAYAN**
*Member*

**COUN. MICHAEL SOLIS**
*Member*



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

# COMMITTEE ON ETHICS, APPOINTMENTS AND GOVERNMENT REORGANIZATION

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenny Pring
Date: 7/8/2024
Time: 9:00 am

## MINUTES OF THE COMMITTEE HEARING

CEAGR-PRC-575-2024

---

Subject: *Letter of complaint from Hon. Ma. Eliza Bautista-Queijero Bautista, Punong Barangay of Barangay Habay 2, City of Bacoor, Cavite against Barangay Kagawad Raymundo O. Caber of the same barangay for abuse of authority.*
***(PCR-575-2024) - Date Referred: May 13, 2024.***

---

A committee hearing on the above-subject matter was conducted last May 23, 2024, 9:30 a.m. at the Sangguniang Panlungsod presided by Committee Chairman Hon. Reynaldo C. Palabrica.

**MEMBERS OF THE COMMITTEE AND CITY COUNCILOR PRESENT:**

HON. ALEJANDRO GUTIIERREZ
HON. MICHAEL SOLIS
HON. ALDE PAGULAYAN
HON. LEVY TELA
HON. ROGELIO NOLASCO
HON. RANDY FRANCISCO

**RESOURCE PERSONS:**

| | | |
|---|---|---|
| MILES BAUTISTA QUERIJERO | - | PUNONG BARANGAY-HABAY 2 COMPLAINANT |
| RAYMUNDO O. CABER | - | BARANGAY KAGAWAD-HABAY 2 RESPONDENT |
| ROBERTO B. CAMELLO | - | SB MEMBER-HABAY 2 |
| IRISH T. BALIOS-CANILLO | - | SB MEMBER-HABAY 2 |
| NOEL V. LAYSA | - | SB MEMBER-HABAY 2 |
| MELITON C. HEROY | - | SB MEMBER-HABAY 2 |
| ROSSANA J. MAGAT | - | BARANGAY TANOD-HABAY 2 |
| ANTONIO BERNARDO | - | COMPLAINANT-HABAY 2 |
| ATTY. NATHANIEL DE LEON | - | OFFICE OF THE CITY LEGAL SERVICE REPRESENTATIVE |



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "The committee hearing regarding the complaint filed by Hon. Eliza Bautista-Queijero, Punong Barangay of Barangay Habay 2, City of Bacoor, Cavite against Barangay Kagawad Raymundo O. Caber of the same Barangay for abuse of authority is now called to order."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "For the record present in this committee hearing are the following Honorable Members of the City Council, Hon. Councilor Bok Nolasco, Hon. Councilor Randy Francisco, Hon. Councilor Mike Solis, Hon. Councilor former General Alex Gutierrez."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "For the record may I request the following resource persons present to introduce themselves and their representation before the Honorable Committee. Let's start with you."

**ATTY. NATHANIEL DE LEON** "Good morning your Honor, Atty. Nathaniel de Leon from the Office of the City Legal Service."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "I'm from Habay Dos, ako po si Miles Bautista, Kapitan po ng Barangay Habay Dos."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Ako po si Kagawad Raymond Caber, Habay Dos po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Thank you very much."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Noong nakaraang hearing, balikan natin, nagkataong hindi nakarating si Kagawad Raymond Caber dahil yung notice ay hindi na receive, so, for the record, this will be the very first hearing na kumpleto tayo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "At this very point of time, we will give the floor to the Punong Barangay, sa ating kapitana, pwede niyo po bang ipaliwanag sa committee ang tungkol dito sa complain na hinain niyo sa Sangguniang panlungsod. Pero bago po kayo magsalita, inaanyayaghan mo naming kayo tumayo para sa isang panunumpa. Pakitaas lamang po ang inyong kanang kamay."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kayo po ba ay nanunumpa ng magsabi ng katotohanan at pawang katotohanan lamang?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Salamat po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Pakiu paliwanag po sa committee Kapitana kung ano po yung complain ninyo."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Ito po yung nangyari noong May 1, eleven p.m. then, bago po kasi nangyari yun, may complainant sa barangay namin, kasi po mayroon po tayong curfew, at the same time mayroon pong mga sounds like karaoke, mga ganyan, na mag stop na ng ten."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Mayroon tayong city ordinance prohibiting the use of sounds system that produces excessively loud noise. Tama po yan. Ten o'clock to five a.m."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Which is conunduct naman din po ng barangay po yun, then hindi po naming inaasahan na yung kinocomplain pala... Konsi, nandito din po pala yung complainant, yung tinutukoy ko po. Kasama ko po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano pong pangalan niya?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Sir Tony Bernardo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kung nandito po si Mr. Tony Bernardo, inaanyayahan po namin kayo pumunta dito sa kapulangan."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sige po, maupo po kayo."

**ANTONIO BERNARDO** "Antonio Mabini Bernardo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Mr. Antonio Mabini Bernardo is present in this hearing. Sige po, patuloy niyo po."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Si sir Tony po, siya po yung tumatawag po sa akin, pero hindi niya po ako nakausap po nung kagabi na yun, ang nakausap niya po ay yung dating kapitan po, is dating pong konsehal na si Kap Monching noon, na nirereklamo, unexpectedly, hindi naman niya alam na si Kagawad Rambo yun, na parang yung kapitbahay niya, na maingay, kasi po alam po namin pag birthday ganyan, birthday po ng asawa po niya, parang ganun po ang scenario. Hindi po namin akalain na, na on ko po yung radio, tapos yung radio, yung mga two-way namin, na naririnig naming maingay, ako naman hindi ko naman na acknowledge yung voice ni kagawad Rambo na siya pala yun, kasi kasiyahan din sa kanila dahil birthday ng asawa niya, so nandun na nakainom, tapos hindi ko rin alam na medyo nagagalit na pala siya sa tao namin sa barangay, which is kila ex o at sa mga tanod namin."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "So, madaling sabi, pinuntahan nang tauhan ng barangay, tanod at ex o?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Yes po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Okay."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Sa bahay nila. Hindi naman namin alam siya pala yun. Kai pag may complainant, nirerespondahan agad yun ng barangay, diba po? Ang pinaka complain ko lang po, ang bottom line is the way yung action ni Kagawad Rambo nung gabi na yun."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano po bang ginawa?"



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Kung paano niya... hindi ko alam kung tama po ito, pero, ito naman parang security ko, hindi ko alam kung evidence ba ito, na record ko siya, na revord ko yung pangyayari na yun, para kasing hirap naman pag kasing sinabi mo lang verbal, wala kang mapapatunayan."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano po ba ang inyong narinig po?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Mayroon pong sinasabi po na, '*sinong tao diyan sa dragon base? Ano mga patay na ba kayo jan?*', tapos sa sobrang galit niya, siguro dala nalang din ng alak, '*mga walang hiya kayo!*' ganyan. 'Ano hindi niyo ako sasagutin?'"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Nagmumura sa madaling sabi?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Nagmura ba?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Yes. Walang hiya ay mura na rin, considered na rin as mura."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Pwede niyo po pong banggitin dito sa kapulungan kung ano pong exact words na narinig ninyo."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Okay po. Nandun po yung '*Mga walang hiya kayo.*', '*Ano hindi niyo sasagutin?*', yung sa dragon base namin sa barangay, '*Ano hindi niyo ako sasagutin? Mga patay na ba kayo dyan?*' parang ganun, ganun mismo... Konsi, excuse me, nandito po yung witness, which is yung tanod namin sa barangay, kasama po din siya dito.

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano po yung name nung tanod?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Ma'am Suzette Rosario."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Si ma'am Suzette Rosario, nandito ba sa bulwagan? Kung nandito po, inaanyayahan po ng kapulungan na maupo dito."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Pwede pong banggitin, for the record banggitin ang pangalan ninyo."

**ROSSANA J. MAGAT** "Suzette Magat."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Suzette Magat? Middle name po ninyo?"

**ROSSANA J. MAGAT** "Ang real name ko po ay Rossana Julian Magat."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Susana ba? Rossana Julian Magat."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kayo po ba yung tinutukoy ni Kapitan ana tao kanina, na maaring maging testigo sa mga pangyayari?"



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS
0273

**ROSSANA J. MAGAT** "Ako po kasi yung..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Tinatanong ko lang po kung kayo yung tao kung yung binanggit ni Kapitana. Kayo po yun?"

**ROSSANA J. MAGAT** "Yes."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Okay. Sige Kapitana ipagpatuloy niyo po ang inyong sinasabi."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Bali, para matapos nalang po yung usapin namin, hindi ko po kasi maatim na hindi po sumagot sa radio, naririnig ko po siya, kasi yung way ng pag approach niya sa mga tao sa barangay ay ganun, syempre ako hindi ko naman po hahayaan na ganunin po ako. Sumagot po ako doon sa radio na 'Kagawad, naririnig ko yung mga sinasabi ninyo' then sinabi ko rin po sa kanya na '*Kagawad, kung kayo ay nakainom na, bitawan mo na ang radio, huwag na kayong magsalita.*' Nandoon nga sa record ko na sige pa rin sa pagsalita, pero naiintindihan ko naman. Iba talaga pag kasi ano, sabi ko, mag-usap tayo bukas para matapos, mapag-usapan. Pero the next day po, hindi po kami nakapag-usap."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sa ano pong kadahilanan? Bakit hindi po kayo nagkausap?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Hinihintay ko po siya, pero hindi po siya dumating."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Hinihintay niyo po sa barangay?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Dumaan po ang dalawa o tatlong araw po, then sa ilang araw na yun nagkaroon po kami ng session doon sa barangay, inapproach ko po siya na '*Ano po Kagawad? Nahihimasmasan na ba kayo?*' yun yung start ko sana sa conversation para mapag-usapan namin, kaso, ang nangyari, hindi po kasi siya willing makipag-usap sa akin na ang sagot niya, inamin niya na may pagkakamali ako, pero may pero eh, may pagkakamali rin naman yung mga tao sa barangay, doon na po ako nag cut, ah okay po, sa loob-loob ko hindi niya rin po pala kinonsider, I claim yung pagkakamali mo then, tapos na."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Nais niyo bang ipahayag dito sa committee na lumabis sa kapangyarihan bilang Kggawad, si Kagawad Caber? Doon sa mga panahong salitang binitawan niya sa radio? Sa pakikipag-usap niya sayo."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Actually, sa akin naman, hindi niya naman ako totally nabastos, kasi inacknowledge naman niya na nakakausap niya ako sa radio, na '*Si Kapitana sinasabi ganito, ganyan...*' parang medyo... nakalimutan ko na sa record. Sige, ganito nalang po, hindi naman ako totally nabastos, sumasagot naman siya sa sinasabi ko na good way naman. Pero ang hindi nagustuhan, kung ano yung naging actions niya, kung ano yung mga sinasabi niya sa mga tanod at ex-o namin sa barangay. Yun lang po ang pinaka bottom line namin."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Okay. Maraming salamat po. Bago tayo magpatuloy nais lang natin I acknowledge the presence of our honorable district 2 councilor Honorable Alde Pagulayan. Any statements?"

**COUN. ALDE PAGULAYAN** "None, Mr. Chair."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Thank you."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kagawad Caber, kayo po ay inirereklamo kayo sa tanggapang ito, sa komiteng ito, bilang pagkilala o pagsunod doon sa due process, kayo po ay papipiliin o pagdedesiyunin ng committee kung nais niyong magsalita kaagad doon sa mga narinig ninyo or magsumite kayo ng counter affidavit muna na notarized, bago kayo namin matanong dito sa kapulungan na ito."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Sige po sir, pwede ko na sagutin."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "For the record, ang ating Kgawad Raymundo Caber ay boluntaryong sasagot, paratang laban sa kanya. Pero bago po yan, inaanyayahan ko po kayo tumayo, at para sa isang panunumpa, pinaaalahanan po kayo na ang lahat ng sasabihin ninyo mamaya o sagot niyo mamaya sa maaring katanungan ng komite ay under oath o nasa panunumpa kaya siguraduhin po natin na tama at ayon lang sa katotohan ang sasabihin dahil kung hindi may karampatang parusahan ang bagay na yan, ano?"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kayo ba manunumpa na magsasabi ng katotohanan o pawang katotohanan lamang?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sige po, maupo na po kayo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Uulitin ko po, boluntaryo kayong sasagot sa paratang sainyo?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "At pwede namin kayong tanungin under oath?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Under oath po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Maraming salamat po. Sige, po pakikinggan po namin kayo."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Pwede ko ba isalaysay yung nangyari?"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sige po."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Actually po, ito'y verbal nalang namin ni Kapitana, pero kahapon nag-usap na kami, nag ano na rin po kami sa barangay, kumbaga dinaan din



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

naming sa committee hearing sa barangay, okay naman na kami na, okay na isantabi, ipinatawag kami, dumating kami. Ngayon po, ipapaliwanag ko po yung sinasabi ni Kapitana, natutuwa naman po ako na, pero hindi ko naman siya minura. Ipapaliwanag ko po, May 1, birthday ng asawa ko, Labor Day, ngayon palibhasa masakip po yung bahay namin, mayroong espasyo doon sa likod, malapit doon kay pareng Tony, yung nagreklamo nung sa videoke, kumpare ko naman yun, kaya lang, bago mag-umpisa yun, mga five o'clock, nandoon din yung apat na kagawad kasama ko, nandyan yung apat na kagawad na kasama ko, ako naman, humihingi ako ng dispensa kay Kapitana sa nangyari, pinapaliwanag ko lang na noong oras na yun, nag umpisa kami ng five, syempre happy-happy, birthday, inabot kami ng ten-fifteen or ten-thirty? Pero, nine-thirty nag radio na ko sa ex-o namin, na pinsan ko rin, sabi ko '*ex-o, kung mayroon mang magreklamo na maingay kami, bago mag alas diyes*' kako, kami naman po ang tagapagpatupad ng batas, kami ang opisyal ng peace and order sa barangay, alam namin kung ano oras. Paaalahanan niyo ako, kasi ako suma shot, ang nangyari nagpaalam na ako, then dumating yung barangay ng ten-fifteen, lagpas na ng alas diyes, aminado naman po ako, sumilip lang, hindi naman po ako inano, wala naman sinabi."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Hindi ko naman po naano, bakit sumilip, nagpaalam na po ako, may radio naman, delicadeza lang, syempre opisyal din kami, doon nalang sa radio, para hindi na bulabugin sa labas. Syempre nun, parang nainis ako ng kaunti, aminado naman ako nainis ng kaunti, tumawag ako, sabi ko '*ex-o, sabi ko sainyo, tawagan niyo ako, dahil pag dating oras, papatayin namin ito o hihinaan.*' sabi ko, yun lang naman ang ano ko, then, nag interview si Kapitana, wala naman pagtatalo, nag-usap lang kami, walang namang ano, kaya lang nakapagsalita lang ako sa radio ng ibang words, sabi ko, wala akong matandaan, kung mayroon mang akong nasabi, ipakinig niyo sa akin, isa ako sa batas, kung mag-uusap tayo bawal niyo I record, kasi bawal yan e, may record ka, bawal yun. Okay lang, nararamdaman nag ko, kung marinig ko walang problema, kasi maliit na bagay lang kako yan, na nagpag-uusapan.

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Then yung sinabi ni Kapitana na January 1 nangyari, January 2 nag blotter, blotter lang naman po, sabi ko kung may blotter ka sa barangay, barangay matter yun, sa barangay tayo mag-usap, may mga committee naman sa barangay at akala ko naman, wala na, nonsense na, wala na sa akin, hindi ko alam, nag session na kami ng dalawang beses, hindi kami nakapag-usap."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kailan kayo nag-usap? Kahapon lang?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Nagusap lang po kami kahapon lang."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Bago pa kahapon naka file ito, last week pa."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Hindi, nauna na po ito."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "So ibig sabihin bago kayo nag-usap, nagkapag file na kayo ng complaint?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sige po, ipagpatuloy ninyo."



SCAN ME
STR1KE AS1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Sabi ko sa kanya, sabi ko, kung ano man kako yung nangyari, pero kahapon, nakapag pasensyahan naman ulit. Kako sasagutin nalang uli yung reklamo niya sa akin. Aminado naman ako, na may kaunti akong pagkakamali na ginagawa po. Ang hindi ko lang po matanggap yung words na '*patay na ba kayo?*' kasi ang salita ko doon, '*dragon base, pag may tumawag sa amin, papatayin namin o hihinaan ang videoke, kasi alam namin na bawal, kasi kami nagpapatupad e, head kami ng peace and order.*' Inaamin ko naman na tao lang tayo, nagkakamali, pero wala naman ako sigurong nagawang ano..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "So, itinatanggi niyo na mayroon kayong mga hindi kanais-nais na pananalitang binitawan?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Bilang isang barangay kagawad. Kasi tayo bilang halal ng bayan, kailangan maingat tayo sa ating pananalita, kasi limitado dapat nating sabihin, hindi tayo pwede magsalita ng hindi kaaya-ayang mga pananalita bilang tinatawag na 'honarable'"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Tinatanggi niyo po na mayroon kayong binitawang salitang hindi gaano kaaya-aya?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Hindi ko naman yun itinatanggi, sabi ko..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Hindi niyo itinatanggi? Pero hindi niyo rin inaamin?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Yung ibang words, hindi ko nagustuhan."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Tanong ko po sainyo, sabi ninyo, tinatanong ko po sainyo kanina kung tinatanggi ninyo, sabi niyo hindi, so, inaamin ninyo?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Yung pagsasalita ko, yung nakalagay sa ano..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Paulit lang. Inaamin niyo? Kasi hindi niyo itinatanggi, so inaamin niyo?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Nakapagsalita ako ng..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Deretso po. Deretso, huwag po tayong paikot-ikot, ang sabi niyo po kanina, nakapagsalita kayo. Pinapaalalahanan ko po kayo, tinatanong ko po kayo kung itinatanggi niyo na nakapagsalita kayo ng hindi kaaya-aya, ang sabi po ninyo '*hindi ko po itinatanggi*' so ang ibig pong sabihin ba nun, ang tanong inaamin niyo?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Inaamin po, nakapagsalita po ako."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano po bang sinabi ninyo?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Ang sinabi ko, '*pag may tumawag, papatayin namin yung videoke o hihinaan...*'"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Pero may nabanggit po kayo kanina na hindi niyo na natandaan yung mga sinabi niyo."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Hindi, ang hindi ko matandaan yung nasa radio na."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Yun nga po, may nabanggit po kayo kanina, tama po ba ang nadinig namin? Na nabanggit niyo kanina na hindi niyo natandaan ang mga sinabi ninyo? May binanggit kayo kanina."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Ang usap nga lang namin sa radio lang."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ayun nga po, sabi niyo kanina, may mga hindi niyo natatandaan yung ibang sinabi ninyo."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Wala naman akong ibang sinabi."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sabi ninyo may record ano?

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "May record."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sabi niyo nga bawal sa batas, tama po kayo. Pagka pinarinig yun dito ng wala ng ano sa ninyo, walang pahintulot galing sainyo, bawal. Ngayon po ang tanong po, para sa kalinawan ng lahat, para malaman natin yung eksaktong nangyari, kayo ba pumapayag, boluntaryo na marinig natin ang recording na iyon?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Kung tutuusin po dapat sa barangay narinig ko na rin."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Tinatanong ko po kayo, kasi syempre ang komiteng ito, hinahanap ang katotohanan, para sa ganun kung ano yung pangyayari, doon magbabase kami ng pagdedesisyon ano ho? Ngayon ang tanong, sabi ni kapitana may record, sabi ninyo may record, para sa kalinawan, para alam natin yung eksaktong niyong binitawan, para walang hindi nakalimutan, kayo ba ay boluntaryo na marinig natin ang recording na yan?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Sa akin po bilang wala naman akong ginagawang masama, trabaho lang naman nila, tinitiyak ko naman wala naman akong masamang sabi, okay paririnig ko po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sagutin niyo po yung tanong ko. Hindi niyo po sinasagot yung tanong ko. Uulitin ko po, para malinaw, binanggit niyo na may recording, nabanggit din ni kapitana na may recording tungkol doon sa conversation sa radio, sa two-way radio ng barangay, para sa kalinawan ng lahat, kalinawan ninyo, kalinawan din ni Kapitana, Kalinawan ng committee, para marinig natin ang saktong binitawang salita, kayo ba boluntaryong pumapayag na marinig natin ang recording na yan dito sa pagpupulong o sa pagdinig na ito?"



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Pwede ko po malaman din yung oras nung radio na yan ay sakto doon sa oras ng pag-uusap namin? Paano ko malalaman kung yung voice na yun ay sa mismong oras na yun?"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kung mapapakinggan nati, magtatanong po kami kung sino yung mga nagsasalita doon sa radio at syempre tatanungin namin yung mga nagsalita sa radio kung sila yun, kung sino yung kausap para malaman natin ang buong katotohanan, ang hinahanap natin dito ay katotohanan. Uulitin ko po uli, pumapayag,ba kayo, boluntaryo na marinig sa pagdinig ang recording na nabanggit ninyo?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Tatanungin ko lang po si Kapitana? Pwede po?"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sa amin po, pag ganitong pagdinig, hindi kayo pwedeng mag-usap diretso. Kung ano ang nais niyong iparating sa kabila, dito niyo sasabnihin sa committee."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Ang nagrecord ay si assistant ex-o, kaya tinatanong ko ano ba ang nirecord mo, pinaririnig niya sa ibang council na hindi niya sa akin pinaririnig, hindi ko alam kung boses ko ba yun, o ano yun."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Edi mas maganda po iyon, sa aking pananaw, na pakinggan natin, ng committee, sa aking pananaw, personal na pananaw, kung marinig natin yan, edi matutukoy po ninyo, kung kayo po iyon o hindi. Kaya, uulitin ko uli, pumapayag,ba kayo, boluntaryo na marinig natin ang recording sa pagdinig na ito? Ibig sabihin ibinibigay ang inyong consent o personal na paggpayag, para marinig natin ang nababanggit na recording?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Ang sa akin lang sir, paano ko po mapapatunayan, na yun ang boses ko po sa oras na yun?"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kami po ang maghahanap ng patunay. Kuing sino ang mga dapat naming tanungin, ay tatanungin namin, kung sino ang dapat ipatawag para maitanong, ipapatawag namin, at pwede naman naming I contempt o kahit ipakulong kung sino ang hindi pumunta dito sa pagdinig na ito. May kapangyarihan ang Sanggunian."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Opo, alam po namin."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Pwede namin I contempt, ngayon, para sa kalinawan ng lahat, para sa katotohanan, hindi naman ibig sabihin pag narinig ang recording kailangan ikaw na yun. Kayo ang magtutukoy nun, kung kayo o hindi, pero syempre sa pagsagot ninyo kung kayo yun o hindi, paalala lang, kayo ay under oath, hindi kayo pwedeng magsinungaling dito, pag nagsinungaling dito, alam niyo na may kapurasahan ang pagsisinungaling sa ganitong pagdinig. Ngayon, ulitin ko po ang tanong, Kagawad Caber, boluntaryo ba na pumapayag ka na marinig natin yung pinag-uusapan nating recording?



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Sir wait lang, pwede papasukin ang council na kasama ko, na nakainuman ko."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Lahat po kinakailangan natin kausapin o tawagan, tatawagin natin para sa katotohanan. Mamaya po, sagutin niyo po muna yung tanong."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Kung para po sa ikakabuti natin kung ano, paparinig po, payag ako."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Uulitin ko po, for the record, boluntaryo na pumapayag na ba marinig natin ang nababanggit na recording?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Sige. parining po natin."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Opo o sige lang."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Boluntaryo?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Boluntaryo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Opo. Okay."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sino po yung binabanggit niyo na gusto niyong anyayahan sa pagdinig na ito?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Nandito po yung mga Kagawad na bisita ko, at saka yung nag record daw yung isa, hindi ko lang alam kung kasama po ni kapitana."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano po yung mga pangalan nun, para mapatawag po natin dito."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Tess Julian."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Tess Julian? Nanandyan ba si Tess Julian o wala? Wala? Sino pa po?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Mga kagawad nandito."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sino pong mga kagawad?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Si Roy, Irish, at saka Camello."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Yung mga nabanggit pong Kagawad na nandito po ba? Papasukin dito sa pagdinig."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Okay na po? So, sa kahilingan ng ating kagawad, na inirereklamo, Kagawad Raymundo Caber, inaanyayahan natin ag tatlong kasamahan



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

niyang Kagawad nhg barangay Habay 2. Inaanyayahan po namin na magpakilala ang bawat isa ang kanilang sarili at kanilang representasyon. Sige po, mauna na po kayo."

**KAG. ROBERTO B. CAMELLO** "Mr. Chair, Good morning po. I am Kagawad Baldy Camello, from Sanggunian Barangay Habay 2."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano po ang inyong tunay na pangalan?"

**KAG. ROBERTO B. CAMELLO** "Roberto Camello po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Roberto Camello. Barangay Kagawad."

**KAG. ROBERTO B. CAMELLO** "Yes po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kayo po?"

**KAG. IRISH T. BALIOS-CANILLO** "Gandang umaga po, Kagawad Irish Balios-Canillo po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Irish Canillo? Barangay Kagawad."

**KAG. IRISH T. BALIOS-CALILLO** "Yes po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kagawad Meliton, ano po ang apelyido ninyo? Heroy? Okay. Sige po, maupo na po kayo. Salamat po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ngayon po, dahil po sa kahilingan ninyo, nandito po kayo yung tatlong Kagawad, pwera yung isa dahil wala siya rito ngayon. Uulitin ko po, bago natin I play yung recording, boluntaryo ba kayong pumapayag na marinig natin ang recording?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Boluntaryo po. Wala naman po akong tinatago."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Opo o hindi lang po."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Uulitin ko ang tanong, for the record, boluntaryo kayo pumapayag na marinig natin ang recording sa pagdinig?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Pumapayag po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Pumapayag na. Sino po ang may hawak ng recording, pakinggan po natin."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Konsi, bale ang recording po, sa akin lang po ito, nabanggit niya po kasi kanina sa assistant ex-o namin, may record din pala siya, noong gabi nung nangyari nun, may nag record."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "So, dalawa ang? ilang recording ba ang dapat nating marinig?"



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Ang pagkakaalam ko po, yung assistant ex-o namin, nakapag record din."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Nasaan po?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Pero hindi siya naka duty sa barangay nun, which is sa bahay po nila. Diba po kasi may mga radio kami, so doon niya nirecord. So, ito lang po ay akin."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Yung sa assistant, wala ba dito yung assistant ex-o na nababanggit?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Wala po siya dito kasi hindi ko na siya kinuha as witness."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "So, pareho lang naman ata yung laman nung recording?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Hindi ko po alam. Actually, hindi ko po siya narinig. Pero ipaparinig ko po sainyo yung akin lang po, na narecord ko po, personally po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Okay, sige."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kagawad, ito yung recording na pinag-uusapan natin, bukod pa yung isang recording na galing sa assistant ex-o, baka magkaibang araw yan, para malaman natin ang katotohanan."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Pag sa Iphone may date po at saka time."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Malalaman po natin yan. Kami na po bahala sa imbestigasyon. Sige po. Paki play po sa microphone, palapit po para marinig po natin."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Ito po ay video recording."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sige po. Assist nalang."

(VIDEO RECORDING PLAYING.... UNAUDIBLE: **32:40-36:45**)

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Putulin na po muna natin. Kasi hindi po natin masyadong naiintindihan yung mga binibitawang salita. Dahil siguro sa microphone, nagfefeedback."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ang tanong nalang, Kagawad, sa narinig ninyong recording, kinukumpirma ba ninyo na kayo yun, yung isa sa mga nagsasalita doon?"



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181800

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Parang hindi po ako kumportable, kasi po hindi po, hindi ko maintindihan e, hindi ko mabosesan kung sa akin po yun."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "So, itinatanggi na kayo yun na nagsasalita doon?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Tinatanggi ko po, kasi hindi ko mabosesan ang boses ko, wala akong maintindihan."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sige po. So, ang gagawin po natin, total pinapayagan niyo naman na marinig ang ebidensiya na yan, yung recording na yun. Kapitana, inuutusan po kayo ng committee na I-forward po yung recording na yan para itatranscribe ng committee yan, ibig sabihin, papakinggang mabuti, tapos isusulat isa-isa kung ano naririnig, so itatranscribe para malaman natin yung mga binibitawang salita at later on tutukuyin kung sinu-sino ang mga yun. Okay po? So, kayo po ay dinederektahan inaatasan sa committee o submit ang recording."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Isang question lang sir."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sandali lang po, hindi ko po kayo pinagsasalita."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Malinaw po ba Kapitana?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Opo. Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano po bang gusto niyong sabihin?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Kasi kahapon, nagkausap kami ng maayos, then, ang gusto po sana namin ngayon, ma settle nang maayos, kasi nagkausap na kami nagkapaliwanagan na kami sa committee, ang committee namin, Kagawad Bobby Emilio, nag record na kami sa barangay na nagkasundo na kami."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "So, madaling sabi, itong reklamo na ito, nagkaroon na ng kasunduan barangay level, tama po ba?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Verbal."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Verbal? Walang formal na?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Kaya nga po, humarap tayo para maganda ang..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ganito nalang gawin natin, dito naman sa reklamong nakakarating sa tanggapan ng Sangguniang Panlungsod, mayroon namang option na amicable settlement, na ibig sabihin, pagkasunduan magkabilang panig, para maging maayos at hindi na tayo tumuloy pa sa pagdinig, ibig sabihin para hindi na tumuloy pa kung hahatulan ba o hindi hahatulan. Pumapayag ba kayo, Kapitana?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Mr. Chair, gusto ko po para sa aming lahat, Si Kagawad Rambo po gusto ko humingi ng tawad sa complainant at pati na rin po sa mga tao namin."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ibig sabihin, parang apology doon sa mga tao, para tapos na itong problema na to, I settle na ito?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Yes po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Pero bago tayo dumating doon, siguro pakinggan natin ang complainant, dahil ito ang puno't-dulo, Mr. Tony Bernando. Sige po, magpahayag po kayo sa committee ang pangyayari. Kayo ang puno't dulo ng reklamo, at nagkaroon ng sunod-sunod na pangyayari."

**ANTONIO BERNARDO** "Pakiusap ko lang sana, news, mga seven, sabi ko manunuod ako, napakaingay, sabi ko *'hayaan mo na, mamayang ten-thirty baka matapos na yan. Ten-thirty news na ulit, makakapanuod tayo,'* kapit bahay ko lang po, pero hindi ko po alam na siya ang nanandoon. Kung siya ang nandodoon, hindi na ako tatawag kay Kapitan Monching para ireklamo siya, pupuntahan ko nalang siya."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Magkumpare naman kayo."

**ANTONIO BERNARDO** "Opo, karamihan naman po sa inuman niya mga driver po yun na sabado at linggo na nag-iinuman sila, kaya lang marunong pagdating ng alas diyes, tigil na. ito alas diyes y media na kumakana pa."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Dahil barangay Kagawad, peace and order committee chariman ka ba? baka may pang-aabuso ka nga."

**ANTONIO BERNARDO** "Peace and order ka nga pero order-order lang, walang peace."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Salamat po. Mr. Tony Bernardo. Inabot ng ten-thirty ang videoke?"

**ANTONIO BERNARDO** "Inabot po ng ten-thirty, sabi ko, *'teka nga matawagan nga si Kapitan Monching.'*"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Okay."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "So, kagawad, inabot ka pala ng ten-thirty, tama ba yun?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Aminado naman po ako na nagvivideoke, sound system nalang. Sasayawan nalang, wala ng videoke."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ganito nalang Kagawad, ang sa ordinansa hindi lang videoke lang, any amplified equipment that produces excessively loud sound, may violation ka dun sa ordinansa. Actually, inamin mo na inabot ka ng ten-thirty, inaamin mo dito sa kapulungan na nilabag mo ang ordinansa, sa kapangyarihan ng committee na ito, pwede ka namin patawan ng parusa ayon sa ordinansa."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Yun nga po, pero ako po ay nagsasabi ng..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Pwede ka namin suspendehin. Pwede ka namin suspendehin, for violation a particular ordinance lalo na't ikaw ay peace and order

committee chariman at elected Kagawad ka. Alam mo ba na nahaharap ka, papasuspendehin ka namin ng dalawang buwan, sixty days without pay."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Ako naman po, may pamilya..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ayun nga nga, kaya nga tayo bilang halal na opisyal, lalo higit nakaatang sa atin, peace and order committee chairman, tayo mismo ang magandang halimbawa sa pagpapatupad ng batas, dahil katulad ng sinabi mo kanina, tayo tagapagpatupad ng batas, kaya kung tayo ang sisira sa batas, tayo lalabag, mas mabigat."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Nandun na po ako."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kaya nga po, pinaunawa ko lang po sainyo, pwede kaming mag desisyon right now, na pwede namin kayong suspendehin, sixty days, for violation, abuse of authority talaga. Doon lang sa ano na yun..."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Sir sa..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Huwag ka magsasalita pag hindi ka pinagsasalita, may parliamentary procedure. Isa kang barangay kagawad, Sangguniang barangay member ka, you should know better paano ang parliamentaryong procedures, pag may nagsasalita, ay hindi pwedeng sabayan, kung sinong presiding officer, kung sino ang tinurong magsasalita yun lang ang magsasalita, mali man o tama ang sasabihin hintayin natin matapos. Pinapaunawa ko lang sayo bilang barangay Kagawad, na sa kapulungan na ito, inamin mo na may labag ka ng ordinansa, labas na sa complain, pwede ka namin patawan ng parusa. Ngayon ang payo ko sayo, ayusin mo nga lang ito, makipagsettlement ka nalang kaysa umabot ka sa masuspende. Ayusin mo sila, bibgyan ka namin ng limang minuto, ayusin mo sila. Ang hinihiling sayo ng Kapitan, magbigay ka ng apology, unang-una sa pare mo at sa mga taong maaring nasaktan mo ng loob."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Humihingi po ako ng dispensa, kay pare naman, nag-usap na tayo ng maayos kaninang umaga, gayunpaman, sa lahat, humihingi ako ng dispensa, inaamin ko naman na may konting..."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sinong hinihingan mo ng dispensa? Papaano mo ipapahayag ang pag dispensa mo? Gumawa ka kaya ng sulat? Ibigay mo sa committee, bigyan ka namin ng dalawang araw hanggang lunes, I submit mo rito publicly, na humihingi ka ng dispensa. Sulat lang na humihingi ka ng dispensa sa kung sinuman ang nasaktan mo. Pwede mo ba gawin yun?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Pwede naman po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Or mag post ka sa facebook account mo na ako po ay humihingi ng dispensa, public apology yun. Pwede mo bang gawin yun?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Gagawin ko po kung ano yung tama."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Yun lang ang suggestion namin, kasi tinutulungan ka na namin dito. Nahaharap ka na sa suspendido. Pag pinikon mo ako ngayon, suspendido ka na mamaya. Binibigyan ka na ng pagkatataon, public apology, pwedeng facebook, bahala ka na. sabihin mo sa amin."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Sige po gagawa po ako."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano pong gagawin niyo?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Susulat nalang ako sainyo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Susulat po kayo sa committee na humihingi kayo ng dispensa?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Humihingi ka ng dispensa sa lahat ng tao? Banggitin mo yung mga taong nasaktan mo ng loob."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Kasi, humihingi ako ng dispensa kay Kapitana, at sa kumpare ko, wala naman akong ibang nasaktang tao e."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Kay ex-o."

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Sige, isama natin."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Siguro Kapitana banggitin mo po kung sinu-sino mga taong dapat niyang hingan ng dispensa."

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Si ate Suzette po, siya po ang kasagutan niya sa radio, and pinsan niya po yung ex-o namin. Ako, kahit hindi na sa akin, okay lang naman e, at si sir Tony."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Apat na tao yung binanggit mo?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Okay, damay mo na ang buong Habay 2, kasi bilang Kagawad na nilabag mo ang ordinansang panlungsod, may kasalanan ka sa mga taong bumoto sayo, at hindi lang sa mga taong bumoto sayo kundi sa buong lungsod ng Bacoor kaya damay mo na. Yes, honorable Pagulayan?"

**COUN. ALDE PAGULAYAN** "Mr. Chair I recognize and support the decision of the committee requesting or ordering the said Kagawad to apologize to entire council specifically to those agreed, but if I may say something, as a public official myself, I don't think Kagawad Caber, is in light in all those evidences against he himself violated. I don't think he could still continue to performs his duties as committee chair of peace and order because he has no moral ascendancy to his barangay, with due respect sir, you recognize and you have admit it, to the fact that you at fault tapos ngayon, after you apologize is you will go on doing, doing again your same duties, I don't think you have the moral authority anymore to implement the laws and the ordinances in the city of



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

Bacoor. I I may recommend myself, I don't how we gonna do it, pero my stand is you do not have the authority to be the peace and order committee chair anymore."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Your suggestion is voluntary resignation of the chairmainship as peace and order committee chairman. How about General Alex Gutierrez what is your opinion about this? Please use the microphone for record purposes."

**COUN. ALEX GUTIERREZ** "Mr. Chair, the suggestion or recommendation of Councilor Alde Pagulayan, being the committee chairman of public peace and order safety, is to be the one to impose any, kung ano yung nilalabag, na nagpapatupad nun, tulad nito, peace and order public safety, dapat yung mga nag iingay pag lumagpas ng alas diyes, ikaw magpapahinto, ikaw nga yung mismong nag violate, kaya dapat yung pwesto na yan, iwanan mo na yan. Mag resign siya."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Anyway, Honorable members of the council, I totally agree one hundred percent doon sa inyong panukala, sa inyong manifestation. Kagawad Caber, as no moral ascendency para mai retake mo yung peace and order committee chairmanship mo, ikaw kasi yung mismong nag violate na pinapatupad ng batas, saan pa nga ba ang moralidad mo na yan. Siguro sa bagay na yun, the committee will decide, although magkakaroon sila ng amicable settlement on the aspect of the chairmanship of Kagawad Caber as peace and order committee chairman ng Habay 2, magkakaroon tayo ng ruling dito committee. Hayaan po natin ang committee. Hindi ka naman namin sususpendihin. Ang pinoprotektahan lang namin dito na kapag kailangan natin sa barangay Habay 2 ang committee chairman ng peace and order ay tumutupad at nagpapatupad ng batas at hindi lumalabag sa batas, naiintindihan po natin lahat? Councilor Alde Paguluan do you agree with my suggestion?"

**COUN. ALDE PAGULAYAN** "Yes."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Councilor Guttierez? So, doon sa aspect ng chairmainship mo ng peace and order the city council will decide on that. Doon sa violation mo sa ordinance, sige, kalimutan na natin yun, hindi ka na suspendido pero ang kapalit nun dinedemand sayo na apology doon sa apat na nabanggit para sa buong barangay ng Habay 2. Yung letter na gagawin mo will be a public record doon sa barangay Habay 2, pagdating ng session ninyo, I aagenda ninyo yun na isinumite yan dito sa committee at ang committee ng Sangguniang Panlungsod ay binigay sa Sangguniang barangay ng Habay 2 at isasama niyo iyon sa official record as public record yung sulat na yun, naiintindihan po ba, Kagawad?"

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Opo."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Mr. Tony Bernardo, okay na po ba sainyo yun? Mapapatawad niyo na? maari naman, patawarin niyo na, kaysa ipasuspende pa namin. Okay na? sige."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Suzette okay na ba sa iyo yun?"

**ROSSANA J. MAGAT** "Okay lang po sa akin sir."



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181800

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Okay na? Magkakasama naman kayo e, ayusin niyo nalang. Kailangan lang natin ito, yung konting tip reaction to preserve the integrity of Habay 2. Napaka pangit naman porke ba yung halal ng barangay, puwede mo lumabag sa batas. Kayo Kagawad ano masasabi niyo? Bago natin tapusin ito."

**KAG. NOEL LAYSA** "Mr. Chair, as chairman of committee of rules and member of Sangguniang barangay we will be noting such the comment of yours, just want to also to be acknowledge that Kagawad Caber, is not our peace and order committee chairman, but rather a vice chairman of the peace and order."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Sino ang peace and order committee chairman?"

**KAG. NOEL LAYSA** "Kagawad Meliton Heroy po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ah, kayo ang peace and order committee chairman?"

**KAG. MELITON C. HEROY** "Yes po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano ang chairmanship mo?"

**PB ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO** "Vice chair lang po siya."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ano ang chairmanship mo?"

**KAG. MELITON C. HEROY** "Senior Citizen at PWD po."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Vice chair ka? We will take on the vice chairmanship position. How about you Kagawad? Thank you so much for the information. Any clarifications? Next,"

**KAG. IRISH T. BALIOS-CANILLO** "Salamat na nagkaunawaan na din kayo, ang dalawang panig, gusto rin namin na magkasundo-sundo lahat."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Dapat naman, tingnan mo naman, ang Sangguniang panlungsod, maganda ang samahan dito. How about you Kagawad? Thankyou,thankyou."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ang amicable settlement is like this; the respondent Kagawad Raymundo Caber will send a letter, will submit to this honorable committee, letter of apology to the four persons mentioned earlier and the whole constituents of the whole Habay 2. The letter will be submitted to the Sangguniang barangay during your Sangguniang barangay regular session, we will include your letter on the Sangguniang Panlungsod to become an official record public record of barangay Habay 2. So, okay na tayo doon?"

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Kapag hindi mo yan nagawa, bibigyan ka namin within seven days para magawa mo yan, starting today, so meaning hanggang huwebes next week kailangan na submit mo na dito. Notarized. Notarize ha? Kung walang mag nonotaryo lapitan mo lang si Atty. De Leon sa city legal office, tutulungan ka nila para mapa notaryo ang iyong statement."



SCAN ME
STRIKE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001:2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273

**KAG. RAYMUNDO O. CABER** "Mayroon pong nagnonotaryo sa amin."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Ayun naman pala. Very good."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "Umpisahan mo na, kamayan mo na sila. Huwag ka ng patumpik-tumpik pa dyan."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "So, may I ask the motion for adjournment of this committee hearing."

**COUN. ALEX GUTIERREZ** "Mr. Chair, if there is no other matter to be discussed, I moved for the adjournment suspension of this committee hearing."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "before I moved the motion for the adjournment of Councilor Gutierrez, I will just remind you na gawin mo yun ha. Kapag hindi may pananagutan ka sa committee."

**COUN. REYNALDO C. PALABRICA** "I second the motion of councilor Gutierrez. Unanimous, therefore hearing is adjourned."

Prepared by:

RONALDO M. VERONA
Clerk

Attested by:

**COUNCILOR REYNALDO C. PALABRICA**
Chairman
Committee on Ethics, Appointments and Government Re-Organization



SCAN ME
STR1KE AS 1
Address: Bacoor Legislative and Disaster Resilience Bldg., Bacoor Blvd., Brgy. Bayanan, City of Bacoor, Cavite
Trunkline: (046)417-0727
Website: www.bacoorcitysp.com
ACT ISO 9001 : 2015
UKAS MANAGEMENT SYSTEMS 0273
Cert. no. 24/181809

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee
7 years in a row!

BAGONG PILIPINAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

CGBCR-SPBac-F003.00
04/05/2024

***Committee on Ethics, Appointments and Government Re Organization***

## NOTICE OF COMMITTEE HEARING

**(PROOF OF RECEIPT)**

(May 23, 2024 9:30 AM)
(SP Session Hall)

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date: 5/21/2024
Time: 9:20am

---

**Subject:** *LETTER OF COMPLAINT FROM HON. MA. ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO BAUTISTA, PUNONG BARANGAY OF BARANGAY HABAY 2, CITY OF BACOOR, CAVITE AGAINST BARANGAY KAGAWAD RAYMUNDO O. CABER OF THE SAME BARANGAY FOR ABUSE OF AUTHORITY.* ***(PCR No. 575-2024) dated (April 22, 2024)***

---

| NAME | OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| HON. ALDE PAGULAYAN | SP | — | [signature] 05/21/24 |
| HON. ALEJANDRO GUTIERREZ | SP | | [signature] 5/21/24 |
| HON. MICHAEL SOLIS | SP | | Wengamporla 5/21/24 |
| HON. ROGELIO NOLASCO | SP | 0919-864-0945 | [signature] 05-21-2024 |
| HON. SIMPLICIO DOMINGUEZ | SP | 5704 | [signature] 05-21-24 |
| HON. RANDY FRANCISCO | SP | 09191644431 | [signature] 05-21-24 |
| PB MA. ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO Habay II | HABAY II | 09156024077 | [signature] 05-21-24 |
| RAYMUNDO O. CABER Brgy. Kagawad Habay I | HABAY II | 09120730661 | [signature] 5-21-24 4:35pm |
| HON. LEVY TELA | SP | | [signature] 5/21/24 11:40 am |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

CGBCR-SPBac-F003.00
04/05/2024

***Committee on Ethics, Appointments and Government Re Organization***

## ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING

**(PROOF OF RECEIPT)**
(May 23, 2024 9:30 AM)
(SP Session Hall)

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date: 7/5/2024
Time: 9:00 am

---

**Subject:** *LETTER OF COMPLAINT FROM HON. MA. ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO BAUTISTA, PUNONG BARANGAY OF BARANGAY HABAY 2, CITY OF BACOOR, CAVITE AGAINST BARANGAY KAGAWAD RAYMUNDO O. CABER OF THE SAME BARANGAY FOR ABUSE OF AUTHORITY.* ***(PCR No. 575-2024) dated (April 22, 2024)***

---

| NAME | OFFICE | CONTACT # Email Address | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| ROBERTO B. CAMELLO | SB-HABAY2 | 09171551174 | [signature] - 05/23/24 |
| IRISH T. BALIOS-CATVILLO | SB-HABAY2 | 09291880204 | [signature] - 05/23/24 |
| NOEL V. LAYSA | SB-HABAY2 | 09075421513 | [signature] 05/23/24 |
| RAYMUNDO O. CABER | SB-HABAY2 | 09207362261 | [signature] 05/23/24 |
| MELITON C. HERDY | SB-HABAY2 | 0995-2097733 | [signature] |
| ANTONIO BERNARDO | HABAY 2 | | [signature] |
| HON. MICHAEL SOLIS | SP | | [signature] |
| HON. LEVY TELA | SP | | |
| HON. ROGELIO NOLASCO | SP | | [signature] |
| HON. RANDY FRANCISCO | LNB | | [signature] |
| HON. ALEJANDRO GUTIERREZ | SP | | [signature] |
| MILES BAUTISTA - QUEIJERO | HABAY II PUNONG B. | 09176024074 | [signature] |
| ATTY. NATHANIEL DE LEON | OCLS | | [signature] |

ROSCANA J. MAWAT — TANOD HABAY 2 — 09925692264 — [signature]

***Committee on Ethics, Appointments and Government Re Organization***

## NOTICE OF COMMITTEE HEARING

**(PROOF OF RECEIPT)**

(May 16, 2024 9:40 AM)

(SP Session Hall)

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenet Pring
Date: 5/15/2024
Time: 9:00 am

**Subject:** *LETTER OF COMPLAINT FROM HON. MA. ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO BAUTISTA, PUNONG BARANGAY OF BARANGAY HABAY 2, CITY OF BACOOR, CAVITE AGAINST BARANGAY KAGAWAD RAYMUNDO O. CABER OF THE SAME BARANGAY FOR ABUSE OF AUTHORITY.* ***(PCR No. 575-2024) dated (May 13, 2024)***

| NAME | OFFICE AFFILIATION | CONTACT NUMBER | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| HON. ALDE PAGULAYAN | SP | | [signature] 5-15-24 |
| HON. ALEJANDRO GUTIERREZ | SP | | [signature] 5/15/24 |
| HON. MICHAEL SOLIS | SP | - | [signature] 5/15/2024 |
| HON. ROGELIO NOLASCO | SP | 0929-864-0948 | [signature] 5/15/2024 |
| HON. SIMPLICIO DOMINGUEZ | SP | 5194 | [signature] 5/15/24 |
| HON. RANDY FRANCISCO | SP | 0920622575 | [signature] |
| PB MA. ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO<br>Habay I | | 11 | c/o HANSEL |
| RAYMUNDO O. CABER<br>Brgy. Kagawad Habay I | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Republic of the Philippines
Province of Cavite
City of Bacoor

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee 7 years in a row!

BAGONG PILIPINAS

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

CGBCR-SPBac-F003.00
04/05/2024

***Committee on Ethics, Appointments and Government Re Organization***

## ATTENDANCE OF COMMITTEE HEARING

**(PROOF OF RECEIPT)**

(May 16, 2024 9:40 AM)

(SP Session Hall)

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jegot Pring
Date: 7/15/2024
Time: 10:00am

---

**Subject:** *LETTER OF COMPLAINT FROM HON. MA. ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO BAUTISTA, PUNONG BARANGAY OF BARANGAY HABAY 2, CITY OF BACOOR, CAVITE AGAINST BARANGAY KAGAWAD RAYMUNDO O. CABER OF THE SAME BARANGAY FOR ABUSE OF AUTHORITY.* ***(PCR No. 575-2024) dated (April 22, 2024)***

---

| NAME | OFFICE | CONTACT # Email Address | SIGNATURE/DATE |
|---|---|---|---|
| MA ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO | Brgy. Habay II | 09176024037 | [signature] |
| Hon. Adrielito Gawaran | SP | | [signature] |
| Hon. Alde Pagulayan | SP | | |
| Hon. Rogelio Nolasco | SP | | [signature] |
| Hon. Michael Solis | SP | | [signature] |
| Hon. Simplicio Dominguez | SP | | [signature] |
| Hon. Levy Tela | SP | | [signature] |
| Hon. Alejandro Gutierrez | SP | | [signature] |
| Nataniel De Leon | OCLS | | [signature] |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

**PCR 575-2024** – LETTER OF COMPLAINT FROM HON. MA. ELIZA BAUTISTA-QUERIJERO BAUTISTA, PUNONG BARANGAY OF BARANGAY HABAY 2, CITY OF BACOOR, CAVITE AGAINST BARANGAY KAGAWAD RAYMUNDO O. CABER OF THE SAME BARANGAY FOR ABUSE OF AUTHORITY.

Office of the Sangguniang Panlungsod
Received by: Jenot Pring
Date: 3/6/2024
Time: 9:00 am






Ika-24 ng Mayo 2024

**Kgg. Rey Palabrica**
Tagapangulo – SP Komite sa mga Tuntunin, Pribiliheyo at Etika
Sangguniang Panglungsod – Pamahalaang Lungsod ng Bacoor

Mga Kasapi:
**Kgg. Mike Solis**
**Kgg. Alex Gutierrez**
**Kgg. Levy Tela**
**Kgg. Alde Pagulayan**
**Kgg. Simplicio Dominguez**
**Kgg. Randy Francisco**

SIRS:

Ang akin pong pagbati!

Ako po ay sumulat sainyong Komite upang ipaalam na naisagawa ko na ang aking ipinangakong paghingi ng pampublikong paumanhin sa aking mga nasaktan ang damdamin na nangyari noong ika-01 ng Mayo 2024 na nauwi sa paglabag bilang halal at nanunungkulang opisyal ng aming barangay. Sa pagdinig ng inyong komite nitong ika-23 ng Mayo sa bulwagan ng Sangguniang Panglungsod ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor, hindi ko na po pinasubalian pa ang aking nagawang kasalanan ng mga araw na iyon at ito'y labis ko nang pinagsisihan:

Una: Sa aming Punong Barangay – Kgg. Ma. Eliza H. Bautista-Querijero na syang nakarinig ng mga hindi magagandang salita kong nabitawan noong ako'y nagsasalita sa radyo ng aming Barangay.

Pangalawa: Sa aming kasama na Kasapi ng Barangay Peace Corp / Tanod – Bb. Suzette Magat na syang nakatalagang kasapi ng BPC ng gabing iyon at nakatanggap ng aking mga tawag sa radyo at maging sa mga nabitawan kong pananalita.

Pangatlo: Sa aming Kapitbahay at Kapwa Kabarangay – Si G. Antonio Bernardo na malapit ang bahay sa lugar at aming nabulahaw noong gabing iyon na lumampas na sa tamang oras nag pag-iingay ng sound system.

Pang-apat: Sa aking mga kabarangay sa Habay 2 at maging sa mga kinauukulan ng Lungsod ng Bacoor – sa pagkakataon na nalabag ko ang ordinansa patungkol sa pag-iingay na nlilikha ng sound system at iba pa na makakubulahaw sa mga kapitbahayan.

Ang mga nasabing paglabag ay akin ng pinagsisihang labis at hindi ko na uulitin pang muli. Pagkatapos ng pagdinig ng inyong komite ay muli kong naisip at napagmuni-muni na bilang isang halal at nanunungkulang opisyal, ako dapat ay magiging modelo rin sa aming pamayanan/komunidad, upang ang mga pinagtibay na mga batas maging lokal man o pambansa ay sundin ng aming mga mamamayanang nasasakupan.

Akin rin pong inihahain sa aminng Sanggunian ang pagbibitiw bilang Pangalawang Tagapangulo ng aming Sangguniang Barangay sa Komite ng Kapayapaan at Kaayusan sa tanggapan ng aming Sangguniang Barangay sa Komite ng mga Tuntunin at Pribilehiyo at sa aming Punong Barangay.

Sa darating na ika-01 ng Hunyo na itinakda bilang unang pagpupulong ng aming Sanggunian Barangay, na ayon na rin sa mga Panloob ng Tuntutnin at Patakaran, aking babasahing muli ang liham na ito bilang patuloy na pagtalima na aking ipinangako sainyong Komite.

Sa muli, ang aking paghingi ng paumanhin sa mga nagawa kong paglabag.
Maraming Salamat sainyong mabuti at makahustisyang paghahatol.

Sumasainyo,

**RAYMUNDO O. CABER**
Kasapi, Sangguniang Barangay
Pamahalaang Barangay ng Habay 2

**PAGPAPATUNAY AT PAGSASAKSI**

Aming pinatutunayan at sinasaksihan na ang mga aksyon na binanggit sa itaas ng aming kapwa halal at nanunungkulang opisyal na si **Kgg. RAYMUNDO O. CABER** ay naisagawa na ayon na rin sa inihabilin at tagubilin ng Sangguniang Panglungsod na Komite sa mga Tuntunin, Pribilehiyo at Etika bilang kanyang kaparusahan sa nagawang kasalanan. Sa darating na ika-01 ng Hunyo 2024 na unang pagpupulong ng aming Sanggunian, ayon na rin sa mga Tuntunin at Patakaran, ang nasabing aksyon ay magiging bahagi na ng aming Talaan ng Pag-uusapan (Agenda). Ayon na rin sa tagubilin ng Sangguniang Panglungsod na Komite sa mga Tuntunin, na ang dokumentong ito ay magiging instrumento at dokumento na ring pampubliko.

Aming pinatutunayan ngayong ika-24 ng Mayo 2024 sa Sala ng Sangguniang Barangay ng Habay 2, Lungsod ng Bacoor, Lalawigan ng Bacoor.

**ROBERTO B. CAMELLO**
Tagapangulo – SB Komite sa Tuntunin
At Pribilehiyo

**MA. ELIZA H. BAUTISTA-QUERIJERO**
Punong Barangay / Tagapangulo

**NOTARIAL ACKNOWLEDGMENT**

BEFORE ME, a Notary Public, for and in, BACOOR CITY this ________________ personally appeared to me and to me known to be the same person who executed the foregoing instrument consisting of two (2) pages, including this page, with valid identification card no. PSA 7047-2083-6513-2612 issued by Phil. Statistic Authority on 11 August 2022.

WITNESS MY HAND AND SEAL this MAY 2 7 2024 at BACOOR CITY, Philippines.

ATTY. [illegible]
625 PASTAKHAN STREET, POBLACION,
BACOOR CITY, CAVITE
NOTARY PUBLIC [illegible] 2024
ATTORNEY'S ROLL NO. 27875
TR NO. 2605243/ 01-04-24/ BACOOR CITY, CAVITE
IBP NO. 402081/01-05-24/ CAVITE CHAPTER
MCLE NO. VII-001370

Doc. No. 94;
Page No. 17;
Book No. V;
Series of 2024;

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

PCR 575-2024 – LETTER OF COMPLAINT FROM HON. MA. ELIZA BAUTISTA-QUEIJERO BAUTISTA, PUNONG BARANGAY OF BARANGAY HABAY 2, CITY OF BACOOR, CAVITE AGAINST BARANGAY KAGAWAD RAYMUNDO O. CABER OF THE SAME BARANGAY FOR ABUSE OF AUTHORITY.

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
**BARANGAY HABAY II**

***Office of the Punong Barangay***

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD
RECEIVED
DATE: [illegible] TIME: [illegible]
BACOOR CITY, CAVITE

2 May 2024

HON. ROWENA BAUTISTA MENDIOLA
VICE MAYOR
City of Bacoor, Cavite

RE : COMPLAINT LETTER

SIR

Greetings.

MA. ELIZA H. Bautista, Punong Barangay of Barangay Habay 2 City of Bacoor Cavite. I am writing to your office a complaint to Barangay Council member Kagawad Raymundo O. Caber for his abused of authority last night May 1, 2024. I have a [illegible] voice record [illegible] shouted [illegible] [illegible] disrespectful and [illegible] as Barangay Council Member [illegible] Barangay.

If you have any queries please feel free to contact us through my CP# [illegible]

Respectfully yours

MA. ELIZA H. BAUTISTA-QUEIJERO
Punong Barangay

OFFICE OF THE VICE MAYOR
REC: [illegible]
DATE: 05/6/24
TIME: 11:24 AM
BACOOR CAVITE

ATTY. [illegible]
[illegible] STREET, POBLACION,
BACOOR CITY, CAVITE
NOTARY PUBLIC
[illegible]

SCAN ME

[BACK](#)

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee

BAGONG PILIPINAS

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

# BARANGAY HABAY II
# INCIDENT RECORD FORM

| IRM Entry: | Type of Incident: | Copy For: |
|---|---|---|
| 24-238 | [illegible] | |

Instructions: This Incident Report Form may be reproduced, photocopied.

| Date and Time Reported: | Date and Time of Incident: | Place of Incident: |
|---|---|---|
| May 3/2024 / 9:30 A.M. | [illegible] P.M. | [illegible] II |

**ITEM "A" REPORTING PERSON**

| FAMILY NAME | FIRST NAME | MIDDLE NAME | Qualifier | NICKNAME |
|---|---|---|---|---|
| [illegible] | Antonio | Miranda | | Tony |

| CITIZENSHIP | GENDER | CIVIL STATUS | DATE OF BIRTH | AGE | PLACE OF BIRTH | HOME PHONE | MOBILE PHONE |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Fil | M | M | [illegible] | 75 | [illegible] | | [illegible] |

| CURRENT ADDRESS/HOUSE NO./STREET | VILLAGE/SITIO | BARANGAY | TOWN/CITY | PROVINCE |
|---|---|---|---|---|
| [illegible] II | | [illegible] | Bacoor Cavite | |

| OTHER ADDRESS/HOUSE NO./STREET | VILLAGE/SITIO | BARANGAY | TOWN/CITY | PROVINCE |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| HIGHEST EDUCATIONAL ATTAINMENT | OCCUPATION | ID CARD PRESENTED | E-MAIL CARD (IF ANY) |
|---|---|---|---|
| | | | |

**ITEM "B" SUBJECT'S DATA**

| FAMILY NAME | FIRST NAME | MIDDLE NAME | QUALIFIER | NICKNAME |
|---|---|---|---|---|
| [illegible] | Raymond | Obeng | | [illegible] |

| CITIZENSHIP | GENDER | CIVIL STATUS | DATE OF BIRTH | AGE | PLACE OF BIRTH | HOME PHONE | MOBILE PHONE |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Fil | M | M | | | | | |

| CURRENT ADDRESS/HOUSE NO./STREET | VILLAGE/SITIO | BARANGAY | TOWN/CITY | PROVINCE |
|---|---|---|---|---|
| [illegible] II | | Habay II | Bacoor Cavite | |

| OTHER ADDRESS/HOUSE NO./STREET | VILLAGE/SITIO | BARANGAY | TOWN/CITY | PROVINCE |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| HIGHEST EDUCATIONAL ATTAINMENT | OCCUPATION | ID CARD PRESENTED | RELATION TO VICTIM | E-MAIL CARD (IF ANY) |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

**FOR CHILDREN IN CONFLICT WITH THE LAW**

| NAME OF GUARDIAN | GUARDIAN ADDRESS | HOME PHONE | MOBILE PHONE |
|---|---|---|---|
| | | | |

**ITEM "C" VICTIM'S DATA**

| FAMILY NAME | FIRST NAME | MIDDLE NAME | QUALIFIER | NICKNAME |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| CITIZENSHIP | GENDER | CIVIL STATUS | DATE OF BIRTH | AGE | PLACE OF BIRTH | HOME PHONE | MOBILE PHONE |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |

| CURRENT ADDRESS/HOUSE NO./STREET | VILLAGE/SITIO | BARANGAY | TOWN/CITY | PROVINCE |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| OTHER ADDRESS/HOUSE NO./STREET | VILLAGE/SITIO | BARANGAY | TOWN/CITY | PROVINCE |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| HIGHEST EDUCATIONAL ATTAINMENT | OCCUPATION | WORK ADDRESS | E-MAIL CARD (IF ANY) |
|---|---|---|---|
| | | | |

BACK

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

## ITEM "D" NARRATIVE OF INCIDENT

| TYPE OF INCIDENT | DATE/TIME OF INCIDENT | PLACE OF INCIDENT |
| --- | --- | --- |
| Alarm & Scandal | May 5/2024/11:30 PM | [illegible] |

ENTER IN DETAIL THE NARRATIVE OF THE INCIDENT OR EVENT, ANSWERING THE WHO, WHAT, WHEN, WHY, AND HOW OF REPORTING

[illegible]

[illegible]

[illegible]

[illegible]

[illegible]

DETAILS OF THIS NARRATIVE SHALL BE THE SAME IN THE ENTRY OF RECORD IN THE BLOTTER BOOK

| I HEREBY CERTIFY TO THE CORRECTNESS OF THE FOREGOING TO THE BEST OF MY KNOWLEDGE AND BELIEF | NAME OF REPORTING PERSON: Antonio Bernardo | SIGNATURE OF REPORTING PERSON: [signature] |
| --- | --- | --- |
| SUBSCRIBED AND SWORN TO BEFORE ME | NAME OF INVESTIGATOR: Luciano M. Ramirez | SIGNATURE OF INVESTIGATOR: [signature] |

BACK

Republic of the Philippines
PROVINCE OF CAVITE
City of Bacoor

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

BAGONG PILIPINAS

Seal of Good Local Governance 2023 Awardee

CGBCR-SPBac-F003.01
04/05/2024

[redacted]

DATE: ___ ________

| | |
|---|---|
| [illegible] | Alarming Scandal / Public Disturbance |
| [illegible] | 1 May 2024 |
| [illegible] | [illegible] 1 [illegible] 2 |
| [illegible] | Kagawad [illegible] Cabel |

Me report po sa GC na [illegible] [illegible] sa [illegible] ng [illegible] [illegible] [illegible] 10 PM [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] time na [illegible] at [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] me [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] 11 PM [illegible] sa location [illegible] [illegible] serve [illegible] [illegible] kami [illegible] [illegible] [illegible]. [illegible] [illegible] [illegible] si Kagawad Cabel. [illegible] address to Kidlat [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] access to all [illegible] on duty at [illegible] Kidlat (ex-D Eduardo [illegible]) at sa [illegible] base [illegible] [illegible] na " [illegible] [illegible] [illegible], [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] [illegible] ?" [illegible] intervene si Kap Miles at [illegible] [illegible] kami support sa [illegible] [illegible] [illegible].

[illegible]

BACK